Lungsod ng Yatsushiro

# Wastong pagtapon ng basura

"Basura" kapag magkahalo , "Yaman" pag pinaghiwa-hiwalay.

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

[Makipag-ugnay sa]
Eco-Eight Yatsushiro
[Yatsushiro City Environmental Center]
299 Minatomachi, Yatsushiro
☎ 32-4675　o 34-1997

## Nasusunog na basura

Sundin ang mga sumusunod na patakaran, at itapon ang mga naangkop bilang nasusunog na basura.

① Ipasok ang basura sa tinakdang supot ng Yatsushiro at itapon.
② Itapon ang basura sa tamang araw at imbakan na tinakda ng inyong munisipalidad.
・Yatsushiro, Sakamoto, Izumi　・・・6:30 am hanggang 8:30 am
・Sencho, Kagami, Toyo　・・・6:30 am hanggang 8:00 am
③ Ang mga lata, babasaging bote, plastik na bote, mga kumot, atbp. ay hindi maaaring itapon bilang nasusunog na basura. Paghiwa-hiwalayin ang mga ito at itapon sa araw para sa mga narerisikulong kagamitan o kaya ay dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro.

《Takdang supot ng basura ng Lungsod ng Yatsushiro》





Malaking supot [45ℓ 10 supot] ¥500
Medium na supot [30ℓ 10 supot] ¥350
Maliit na supot [15ℓ 10 supot] ¥200
Bilhin ang mga ito mula sa mga tindahan sa Yatsushiro

<Halimbawa ng mga maaaring isama sa nasusunog na basura>


Mga nabubulok na basura


Mga papel


Maruruming damit, damit na panloob


Rubber shoes, balat na sapatos, bota

atbp.

## Malaking basura

Ang mga nasusunog na basura at mga narerisikulong kagamitan na hindi matapon bilang kasangkapang bahay o de-kuryenteng kasangkapan, ay maaaring ilabas bilang malaking basura.
Humingi ng tulong mula sa mga lisensyadong kompanya na taga-kolekta ng basura o kaya ay direktang dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro.
undin ang mga sumusunod na patakaran pag dadalhin ang mga ito sa Eco-Eight Yatsushiro.

① Dalhin lamang ang mga basura na galing sa lungsod ng Yatsushiro.
② Ang mga kotse na maaaring direktang dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro ay limitado sa mga kotse na may maximum load capacity na 2 tonelada o mas mababa.
③ Depende sa inyong dinalang basura ay maaring may limitasyon sa dami ng maitatapon niyo. Alamin ang mga ito bago dalhin ang mga basura.
④ Makipagkonsulta sa mga pribadong negosyo ng pangongolekta ng basura kapag nahihirapan kayo na itapon ang basura niyo.

**[Paalala]**
**Mga bagay na hindi maipapatapon sa Eco-Eight Yatsushiro**

**・Basura mula sa mga pagawaan (Basura mula sa mga tindahan at ibang negosyo)**
**・Basura mula sa papapagawa ng bahay**
**・Tiles, bricks, kongkreto**
**・Mga piyesa ng motorsiklo at sasakyan**
**・Fire Extinguisher・LP gas cylinder**

**Makipagkonsulta sa mga pribadong negosyo ng pangongolekta ng basura.**


**Tungkol sa singil sa pagpoproseso at sa komisyon ng Eco-Eight Yatsushiro**

May sisingilin na handling fee na idadag sa waste weight fee (¥150/ 10 kg) para sa mga basurang dadalhin sa Eco Eight.

<Halimbawa at limitasyon sa dami ng pagtapon ng mga mailalabas bilang malaking basura>


Kasangkapang bahay, produktong gawa sa kayo, sofa, atbp.
5 bawat araw


Mga futon, carpet, Kutson (walang bakal)
Hanggang 5 bawat araw


Kutson
(na may spring)
5 bawat araw


Fluorescent tube (lamp), bumbilya.
Hanggang 20 bawat araw

atbp.

## Mga de-kuryente Pagresikulo


**Hindi maaring itapon ang mga sumusunod na de-kuryenteng kagamitan sa imbakan ng basura. Mag-konsulta sa pinagbilihang tindahan o kaya sa mga espesyalistang kompanya.**

◎ Kapag bibili ng kapalit ・・・ Pakiusapan ang tindahan na pagbibilihan na kolektahin mula sa inyo ang bagay na nais iparesikulo.
◎ Kung magtatapon lamang・・・Bayaran ang singil sa pagresikulo ng mga de-kuryenteng kagamitan sa opisina ng koreo, at dalhin ang kagamitan kasama ng biniling tiket ng pagresikulo sa itinalagang lugar.
(Yatsushiro branch KURUME-TRANS Co.,Ltd. 2666-1 Shikigawachimachi, Yatsushiro-shi ☎ 33-1361) .


Air conditioner at outdoor unit


TV (CRT / LCD / Plasma)


Washing machine / clothes dryer


Refrigerator / freezer

## PC Pagresikulo

**Ang mga computer (desktop / laptop) ay hindi maaaring ilabas sa imbakan ng basura. Itapon gamit ng mga sumusunod na paraan.**

◎ Magpakolekta gamit ng libreng delivery na serbisyo
Nakikipagtulungan ang lungsod ng Yatsushiro sa kompanya na RenetJapan Inc. upang maghandog ng libreng pangongolekta ng mga hindi na kailangang de-kuryenteng kagamitan.

Para sa mga detalye, mangyaring bumisita sa website ng RenetJapan Inc.

◎ Pagpakolekta at resikulo sa manufacturer ng computer
Bumisita sa website ng PC3R at makipag-ugnay sa manufacturer ng inyong mga kagamitan.
Kung walang manufacturer para mangolekta, ang asosasyon ay magiging tanggapan para dito.





Ang paghiwa-hiwalay ng mga nareresikulong materyales (bote, lata, plastik na bote, plastik, papel, damit, kaldero at ibang bakal, maliliit na de-kuryenteng kagamitan, katamtamang laki na basura, mapanganib na materyales, baterya) ay nakasaad sa likod (pahina 2)

## Nareresikulong materyales

Sundin ang mga sumusunod na patakaran, at itapon sa dalawang araw bawat buwan para sa mga nareresikulong materyales .
(1) Bago ang itinakdang oras sa araw ng pagkolekta, ay ihahanay ang basura sa imbakan ayon sa sumusunod. Mangyaring paghiwalayin ang mga ito nang sa wastong lambat o lalagyan at tuwing itatapon ang mga ito.
(2) Banlawan para matanggal ang anumang dumi bago itapon ang mga nareresikulong materyales.




**[Makipag-ugnay sa]**
**Eco-Eight Yatsushiro**
**[Yatsushiro City Environmental Center]**
**299 Minatomachi, Yatsushiro**
**☎ 32-4675 o 34-1997**


## Mga bote

Alisin ang takip at banlawan.
Paghiwalayin ang mga bote ayon sa kulay. Ilagay ang nabasag na bote sa lalagyan ayon sa kulay.
Huwag tanggaling ang label bago itapon ito.

● Malinaw na bote



Mga boteng malinaw na naglaman ng juice, alak, jam, o coffee powder.

● Boteng kulay brown



Mga boteng kulay brown na naglaman ng juice, alak, nutritional supplement, o gamot.

● Mga ibang kulay ng bote



Mga bote maliban sa mga malinaw at kulay brown na bote, mga bote maliban sa kulay gatas (milky white)
Mga boteng hindi matukoy ang kulay

● Bote ng beer

Mga bagay na maaai muling gamitin (reuse



Isang litrong bote na kulay kayumanggi (para lamang sa alak, hindi kasama ang mga pampalasa) Mga bote ng beer na kulay kayumanggi (pati na rin ang sobrang laki) – ang mga bote na hindi kulay kayumanggi, bote ng pampalasa, o sirang bote ay ilagay ayon sa kulay

## Baso at Seramika



Mga produktong gawa sa salamin tulad ng flat glass, baso, at mga plorera, mga kagamitang ceramic gaya ng pinggan at mangkok na ginagamit sa bahay, at mga bote ng kosmetiko na kulay gatas (milky white)
*Hindi maaaring itapon ang konkreto, ladrilyo, bubong na tile, o ceramic tile

## Mga lata [latang aluminyo at metal]

Hugasan ang mga lata ng mga delatang pagkain at inumin bago itapon ang mga ito. Para sa mga latang kinalawang o may dumi na hindi matanggal, itapon ito sa tapunan ng Kaldero at ibang bakal .





Mga lata na may marka tulad ng ipinapakita sa kaliwang larawan

Siguraduhing ubusin ang laman ng spray can at butasan ito bago itapon. Kapag bubutasan ang spray can, gawin ito sa isang lugar na mahangin upang hindi ito maging sanhi ng sunog.
Itapon ang mga lata ng spray paint sa "mga kaldero at ibang bakal" at mga lata ng insecticide spray sa "Mga mapanganib na materyales" .

## Metal na takip



Mga metal na takip tulad ng screw cap, takip ng de-latang pagkain, at korona ng bote

## Kaldero at ibang bagay na gawa sa bakal



Mga kasangkapang metal tulad ng kaldero, kawali, mga kutsilyo, at maliliit na metal gaya ng alambre
*Huwag balutin ng papel o tela ang mga matutulis na bagay tulad ng kutsilyo—ituloy ang pagtatapon nang walang balot

## De-kuryenteng mga kagamitan
(Mga kagamitang elektrikal na humigit-kumulang 30 cm pababa ang laki)



Mga kagamitang elektrikal tulad ng hair dryer, earphone, handy fan, game console, at mga kable
・Putulin ang power cord mula sa pinakapuno at itali ito bago itapon
*Ang mga baterya ay dapat tanggalin at itapon bilang “dry cell battery,” at ang matatanggal na rechargeable battery ay ilagay sa kategoryang “maliit na rechargeable battery”

## Katamtamang laki na basura
(humigit-kumulang 60 cm pababa)



Mga produktong may halong metal tulad ng microwave oven, rice cooker, electric kettle, at cassette stove
・Putulin ang power cord mula sa pinakapuno at itali bago itapon
・Maaaring itapon kahit higit sa 60 cm ang laki ang mga sumusunod: bentilador, vacuum cleaner, bisikleta, heater, at payong (frame lamang)
*Hindi maaaring itapon ang mga sumusunod: Mga kagamitang sakop ng batas sa pag-recycle ng appliances (TV, refrigerator, freezer, washing machine/dryer, at air conditioner), at mga computer

## Mapanganib at nakalalasong basura

●Mapanganib at nakalalasong basura
Mga bagay tulad ng labaha, lighter, termometro (gawa sa mercury o alkohol), salamin, tingga, magnet, at mga lata o bote ng pestisidyo

●Fluorescent tube at bombilya
Mga fluorescent lamp, fluorescent tube (diretsong tubo na 40W pababa), bombilya, at LED fluorescent tube o bombilya na ginamit sa bahay
*Maaaring itapon kahit basag ang mga ito

●Dry cell na baterya
Alkaline at manganese na baterya (mula size D hanggang size AAAA at 9V na uri), coin battery (pakibalutan ng tape para sa insulasyon)
*Hindi maaaring itapon ang button battery
Dalhin sa mga tindahan ng elektrikal na kagamitan o mga establisimyentong tumutulong sa pag-recover

●Maliit na rechargeable na baterya
Mga bateryang ginagamit sa mga kamera at de-kuryenteng kagamitan na maaaring tanggalin mula sa mismong aparato, at mga mobile battery (power bank)

## Plastik na bote

Banlawan at tanggalin ang takip at label.



Tulad ng nakasaad sa kaliwa, ang mga bote ng inumin, alak o kaya pampalasa na may marka

Alisin ang balot at ilagay ito sa Plastik na pambalot at mga lalagyan .
Itapon sa nasusunog na basura ang mga boteng hiwa o ginupit para sa mga crafts.

## Plastik na pambalot at mga lalagyan

Banlawan ang mga ito bago itapon.



Mga tray, bote, at lalagyan na may markang tulad ng nasa kaliwa, na ginagamit para sa pagkain at mga gamit sa bahay.

Hindi kailangang paghiwalayin ang lalagyan at balot..

## Styrofoam

・Maaaring itapon ang styrofoam na ginamit bilang cushioning material para sa mga kagamitang elektrikal at iba pa
*Ang mga labis na marumi, mabaho, o sira na styrofoam ay itapon bilang nasusunog na basura

## Mga produktong gawa sa plastik

Hugasang at tanggalin ang dumi.



Mga produktong ganap na gawa sa plastik tulad ng lalagyan ng damit at palanggana

*Ang mga bote na may markang “ (plastic) ay dapat ilagay sa “Plastic packaging waste”

## Damit at Tela

Itapon sa nasusunog na basura ang mga damit na gawa sa balat maruruming damit, damit na panloob at mga medyas.

・Ilagay sa malinaw o bahagyang malinaw na bag bago itapon
・Maaaring itapon ang mga kasuotan, sweater, tuwalya, malaking tuwalya, manipis na sapin, at kimono
・Maaaring itapon kahit nakakabit pa ang mga butones, zipper, at iba pa

## Mga uri ng papel

・Itaon ang mga uri ng papel (maliban sa mga karton ng inumin) ayon sa uri at itali nang pahalang at patayo gamit ang tali
・Huwag gumamit ng tape
*Ang mga labis na marumi o basang papel ay itapon bilang nasusunog na basura *Huwag ilabas kapag umuulan

● Balot at lalagyan na gawa sa papel

Mga kahong lalagyan, pambalot na papel, paper bag, at paper cup na may markang nasa kanan
・Tanggalin ang mga film, sticker, plastik, at vinyl bago itapon



● Karton ng inumin

Mga kahong lalagyan na gawa sa papel na may markang nasa kanan
・Banayad na banlawan at buksan nang pahiga
*Ang mga paper carton na may aluminum foil sa loob ay itapon bilang “balot at lalagyan na gawa sa papel”

● Kahon na corrugated

Mga kahon na may markang nasa kanan o may alon-alon na hiwa sa gilid (corrugated)

・Tanggalin ang mga metal gaya ng staples at mga tape bago itapon



● Dyaryo at mga polyeto

Hindi kailangang paghiwalayin ang diyaryo at mga polyeto
(Ang mga polyeto ay mga insert na ibinibigay kasama ng diyaryo)

● Mga magasin at iba’t ibang uri ng papel

Mga aklat-aralin, pocketbook, lingguhang magasin, at papel para sa kopya

・Hindi kailangang paghiwalayin ang mga magasin at iba’t ibang uri ng papel